Rommel Rodriguez

# *Kabagyan*

Kailangan kong mag-file ng leave sa opisina. Sumulat ako sa supervisor para huminging permiso. Hindi ako nahirapan na payagan. Bukod sa wala pa akong nagagamit na leave, nang mabasa ng supervisor ang dahilan ko sa pag-file, pumayag siya kaagad.

Binigyan pa niya ako ng tatlong araw na extention.

“My condolences.”

“Salamat po sir,” maikli kong sagot.

“Ilang taon na yung sister mo?”

“Twenty three … twenty four yata,” nakalimutan ko na ang saktong edad ni Mia.

“Ano bang nangyari, aksidente?”

“Oo sir, aksidente. Nagma-mountain climbing kasi yun e,” nagsinungaling ako.

Nang mapansin kong magtatanong pa ulit siya tungkol kay Mia, inunahan ko siya sa pagsasalita.

"Sir, yung papers for Mrs. Pascual regarding their loan, naayos ko na. Saka yung documents for submission sa DBM, ipapadala na bukas sa messenger. For filing na po yung accounts natin for this year," ang sabi ko sa kanya.

Tinapik niya ako sa balikat. Ngumiti naman ako. Tuluyang siyang tumalikod at pumasok sa kanyang komportableng kuwarto.

Lumabas ako ng opisina na walang nakakapansin. Abala ang bawat isa sa holiday rush bago dumating ang araw ng Pasko at Bagong Taon. Inuunahan nila ang mabagal na pag-usad ng oras. Pansin na pansin ang pagmamadali ng bawat isa sa unang linggo pa lang ng Disyembre. Mabilis ang lakad ng mga tao. Mahaba ang pila sa mga bangko at atm. Dagsaan ang mga namimili at namamasyal sa malls. Naglipana ang mga dekorasyon at ilaw sa lansangan. Kapit-tuko ang mukha ng mga politiko sa hilera ng poste na bumabati ng maligayang pasko. Trapik sa bawat kalsada at kalyeng nilulusutan ng mga sasakyan. Ang dami kong tinitingnan pero blangko ang isip ko. Hindi ko na matandaan kung kailan ang naging huling pagkikita namin ni Mia.

Anim na oras ang biyahe mula Maynila papuntang Bangued, ang kapitolyo ng Abra. Mayroon pa daw anim na oras na biyahe sakay naman ng dyip mula Bangued, papuntang Daguioman, Tui. Sa isang liblib na lugar sa Tui nakita ang bangkay ng kapatid ko. Nakaburol siya doon ngayon, sa isang kapilya ng mga Anglican.

Kahit dalawang oras akong maaga sa pagpunta sa terminal ng bus, nagkalat na ang mga pasahero. Siksikan ang tao. Kani-kaniyang bitbit ng mga bagahe. Yung iba, hila-hila ang mga anak. Walang tigil sa pagbuga ng usok ang tambutso ng mga bus. Idagdag pa ang ingay ng mga busina na parang kinakatay na baboy ang tunog. Nakabukas ang dalawang telebisyon sa isang gilid ng terminal para hindi mabagot sa paghihintay ang ibang pasahero.

Pumila na ako sa linyang pinagkukunan ng tiket papuntang Abra. Mahuhuli raw ng dating si Gina dahil hinihintay pa niya ang isa pang makakasama namin na tutulong sa pag-document ng kaso ni Mia. Nakiusap si Gina kung puwedeng ako muna ang magbayad ng pamasahe nila. Ako na ang bahala, sabi ko sa kanya. Kung tutuusin, malaki ang tulong nila sa akin. Kung wala sila, para akong isang bulag na hindi natutong maglakad na mag-isa.

Nasa hayskul si Mia nang mamatay ang mga magulang namin sa isang car accident. Ako naman, graduate na nun ng economics. Buti na lang at malaki-laki ang nakuha naming pera sa insurance company kung saan sila nagtatrabaho. Dahil dito, bihira kaming kapusin sa pang-araw-araw na mga pangangailangan. Tumutulong din kung minsan ang iba naming kamag-anak. Kahit hindi nila tuwirang sabihin, alam kong naawa sila sa amin ni Mia. Hindi maalis sa kanilang isip na ulilang lubos na kami. Karamihan sa kanila, nagsiliparan na sa ibang bansa, partikular sa Amerika. Laking gulat nila nang mabalitaan ang nangyari kay Mia. Siyempre nalungkot silang lahat, pero may paninisi ring naganap. Kung sumunod na lang daw

kami noon pa sa kanila, maayos na ang buhay namin. Sana daw hindi ko pinabayaan si Mia sa lahat ng gusto nitong gawin, pinairal ko daw sana ang pagiging kuya ko.

Humantong sa iisang kongklusyon ang lahat ng mga litanya at paninisi: walang sinuman sa kanila ang uuwi ng Pilipinas dahil hindi puwedeng lumiban sa kanilang trabaho, bukod sa mahal ang pamasahe. Tutulong na lang daw sila sa gastos sa pagpapalibing, pero hindi personal na makakarating. Padalhan mo na lang kami ng picture o video sa lamay at libing, paalala nila sa akin. Sayang, isang taon na lang sana, matatapos na si Mia ng Psychology kahit hindi naman talaga ito ang hilig niya. Music talaga ang interes ko, katwiran niya minsan sa akin.

Nang magdesisyon siyang maging full-time na cultural worker slash aktibista, hindi ko siya pinigilan. Alam kong pangarap ng mga magulang namin na pareho kaming makatapos. Naging dahilan ko na lang na hindi rin naman nila malalaman na tumigil si Mia sa pag-aaral dahil patay na sila. Wala akong masyadong alam sa buhay ng kapatid ko. Bihira kasi siyang umuwi ng bahay. Pero nang sabihin niya sa akin na mawawala siya nang matagal-tagal na panahon, natunugan ko kaagad kung saan siya pupunta.

"Don't tell me mamumundok ka?" tanong ko kay Mia.

"Research nga, Kuya, ang kulit mo naman e," pangangatwiran naman niya sa akin.

"Research? Anong ire-research mo doon, rebolusyon? You're crazy! Uso pa ba yan?" diretso kong tanong sa kanya.

"Kuya ..."

"Hindi mo nga malabhan mga damit mo tapos gagawa ka ng ganyang kabalbalan?"

Ngumiti si Mia at tumalikod. Isinukbit ang backpack at muli akong hinarap.

"Susulat ako pag may pagkakataon," sabi niya sa akin.

Napansin ko kay Mia ang mas mabilis na pagtanda ng kanyang isip kaysa sa kanyang mukha. Aminado akong mas matanda siya sa karanasan kaysa sa akin. Hay naku, para akong ate na nakikipag-usap sa bunsong kapatid na walang muwang sa gulo ng mundo at kontradiksiyon ng buhay, sabi minsan sa akin ni Mia. Nanliit ako sa pagkakataong iyon, pero hindi ko ipinahalata. Iniabot sa akin ni Mia ang isang maliit at manipis na kahoy na may ukit at disenyo.

"Ano 'to?" tanong ko sa kanya.

"Kubing. Alam mo kung paano gamitin?" nakangiti niyang tanong sa akin.

Siyempre naman, sagot ko. Nagkunwari akong alam ko kahit hindi totoo. Pumara si Mia ng traysikel at dali-daling sumakay . Hindi siya kumaway o lumingon man lamang. Sa puntong iyon, alam kong iyon na ang magiging huli naming pagkikita.

Hanggang sa ngayon, hindi ko alam kung ano ang gamit ng kubing na bigay niya sa akin. Hinanap ko ito at ginawang book marker sa Ilocano dictionary na binili ko para dalhin sa biyahe. Baka kailangan kong matuto ng kaunting Ilokano, para kahit papaano, may maintindihan ako sa pupuntahang lugar.

Malapit na ako sa ticket booth nang mag-text ulit si Gina. Nasa terminal na raw sila at hinahanap ako. Sinabi ko sa kanya na nasa bandang harapan na ako ng bigayan ng ticket. Ilang sandali lang, mula sa siksikan ng mga tao, lumitaw si Gina. Maputi siya. Naka-pony tail ang tuwid at maitim na buhok. Maganda si Gina at mas lumitaw ito sa simple niyang pananamit. Kasama niya ang isang lalaki na may suot-suot na tubaw sa ulo. Mala-80's na aktibista ang suot, buti na lang medyo bagay sa kanya. Kumaway ako pero nalampasan nila ako ng tingin. Nang muling lumingon si Gina, nakita niya ako. Nakilala ko si Gina sa orientation NGO kung saan siya volunteer. Ito ang pangalawang beses na pagkikita namin. Nilapitan ako ni Gina.

"Nagpagupit ka ba?" tanong niya sa akin.

"Hindi," sagot ko naman agad.

"Hindi kasi kita namukhaan. Pasensiya na," paliwanag niya.

Ngumiti na lang ako at nagmaang-maangan na hindi narinig ang sinabi niya dahil sa maingay na paligid.

"Si Marlon pala, siya ang kukuha ng mga photos at hahawak ng video. Balak sana naming isama yung kaso ni Mia sa ginagawa naming documentary," paliwanag ni Gina.

Kinamayan ko si Marlon.

"Nabanggit nyo nga sa miting natin nun, pero I'm still having second thoughts," paalala ko.

"Ah, okey."

"Kailangan ko munang i-consult yung relatives namin," katwiran ko.

"Desisyon mo pa rin naman ang masusunod. Ang priority naman natin, makita ang sister mo," sabi ni Gina.

"May sasalo ba sa atin pagdating natin dun?" pag-aalala ko.

"Yeah, don't worry, may mga local volunteer dun kaya marami tayong warm bodies na bitbit," sabi ni Gina.

Ang opisina nila ang kumontak sa akin para ibalita ang nangyari kay Mia. Sila ang gumawa ng paraan para maayos ang biyahe papunta sa Tui. Noong unang tawag nila sa akin, nagduda ako. Akala ko mga manggagantso sila na naghahanap ng biktima, parang mga Budol-Budol Gang. Pero nang makausap ko na sila nang maayos, nalaman kong lehitimo yung organization nila at kilalang tumutulong sa pamilya ng mga may kasong katulad ng kay Mia. Hiyang-hiya ako sa sarili ko nu'n.

Nung sinabi ko ang una kong impresyon sa kanilang grupo, natawa lang sina Gina at Marlon.

"Okey lang yun. Yung mga militar nga, ang tingin sa amin mga … alam mo na," sabi ni Marlon.

Kakausapin ko pa sana sila, kaso bigla akong tinawag ng nagbebenta ng ticket.

"Ilan?"

"Tatlo."

"Ayan na?" sabi ng nagbebenta.

"Ano po?"

"Sa Bangued, manong," salo sa akin ni Gina.

"Bangued po," ulit ko.

Bumusina ang bus at sumenyas ang konduktor na sumakay na ang mga pasahero ng alas-onseng biyahe. Para kaming mga isdang nagpulasan sa upuan at kani-kaniyang bitbit ng bagahe at labas ng mga tiket. Sumakay kami ng bus at agad kong naramdaman ang pekeng lamig na ibinuga ng aircon. Nagkahiwalay kami ng upuan nina Gina at Marlon. Napunta sila sa bandang likuran at nasa bahaging unahan naman ako. Nilingon ko sila't kinawayan. Kumaway din sila't ngumiti. Sinuot ko ang baon na jaket at naglagay ng bonnet sa ulo. Sumandal ako sa salamin ng bintana at umusad ang bus palabas ng terminal. Pinilit kong matulog sa buong biyahe pero hindi ko mapigilan ang mag-isip. Sa pagitan ng mga nakaw na idlip, laging lumilitaw ang mukha ni Mia, ang masayahin at maganda niyang mukha.

Alas-singko na ng umaga nang makarating kami sa Bangued. Dahil madilim pa, lampas isang oras din kaming nanatili sa terminal ng bus. Ni hindi ko namalayang nakatulog ako sa makitid na upuan. Ginising ako ni Gina. Nahulog ang diksiyonaryo sa semento nang bumangon ako. Pinulot ito ni Gina.

"O, marunong ka na bang mag-Ilokano?" tanong ni Gina.

"Wen manang!" bibo kong sagot.

"Kasdyay. Sige nga …"

Binuklat ni Gina ang diksiyonaryo at tinanong ako.

"O, ano ito, danum?"

"A, tubig?"

"Galing. O ito, karayan?"

"A … hindi ko alam e," napakamot ako ng ulo.

"Ilog!" sagot ni Gina.

"Anya ti nagan mo, ading?"

“Ha, e…” napakamot ulit ako ng ulo.

“Ang sabi ko, anong pangalan mo?” salin niya.

Kinuha ni Gina ang kubing at inilagay sa pagitan ng kanyang labi. Kinalabit niya ito sabay ihip. Tumunog ang kubing.

“Musical instrument pala yan, akala ko book marker. Bigay sa akin yan ni Mia,” sabi ko.

Binalik ni Gina ang kubing sa akin. Sinubukan ko itong patugtugin, may tunog na lumabas, pero hindi musikal.

Binasag ng sinasakyan naming traysikel ang tahimik na umaga. Mangilan-ngilan na rin ang mga taong naglalakad sa kalsada na pumapalibot sa plasa ng Bangued. Luma na ang karamihan sa mga bilding na makikita sa paligid ng kapitolyo. May ilang fastfood chain, tindahan ng donut at maliit na bangko. Pagdating sa terminal ng dyip, unti-unti nang ipinapasok ng mga pasahero ang kanilang gamit sa loob ng sasakyan; mga kahon na naglalaman ng iba't ibang paninda at de-lata, mga lata ng biskwit, mga bagaheng naglalaman ng damit, mga gamit pansaka at gamit sa bahay. Inilagay sa bubungan ng dyip ang malalaki at mabibigat na bagahe; sako ng bigas, case ng softdrinks at beer, mga kahoy at plywood. Parang magkakapatong na bato ang pagkakaayos ng mga ito. Ang ibang pasahero'y nakasakay na sa loob ng dyip. Ang iba nama'y sa ibabaw ng bubungan nito. Pinapili ako ni Gina kung saan ko gustong sumakay.

“Sa loob na lang ako para makatulog pa,” dahilan ko.

“Mas maganda sa top load, mas marami kang makikitang magandang view,” sabi naman ni Gina.

“Saka mas kaunti ang alikabok,” dagdag ni Marlon.

“Alikabok?”

“Oo. Kaya kung hikain ka, pinapayo ko sa iyo na dito ka na sumakay. Tara!

Enjoy dito,” aya ulit sa akin ni Gina.

Madali akong malula. Ni hindi pa nga ako nakakasakay ng ferris wheel sa takot at sa pag-iwas na masuka. Pero kahit nag-aalangan, umakyat pa rin ako sa bubong.

“Ilokano ba ang salita nila sa Tui?” tanong ko kay Marlon habang pasakay sa bubungan ng dyip.

“Ang alam ko Ilokano, saka Itneg,” sagot niya habang tinutulungan ako sa pag-akyat.

Sa limang taong hindi namin pagkikita ni Mia, minsan lang siya sumulat. Maayos ang kalagayan ko dito, sabi niya. Hindi daw siya pinababayaan ng mga katutubong Tingguian kung saan siya nakabase. Noong una, ang buong akala niya, marami siyang maituturo sa kanila. Pero ako pala ang estudyante dito, sabi niya. Ang ganda

ng mga musical instruments nila, karamihan gawa lang sa kawayan. Marunong na nga akong tumugtog ng kollitong e, dagdag pang balita sa akin ni Mia. Marunong na rin daw siyang magsalita ng salita doon. Pero kailangan ko pang mag-practice, pahabol niya sa sulat. Ako, ang tanging alam ko, half-Tingguian si Gabriela Silang. Yun lang at wala ng iba.

Naghanap ako ng puwestong magsisilbing kanlungan ko sa mahaba-habang biyahe. Bago tuluyang umusad ang dyip, nakita kong kausap ni Gina ang isang lalaki na nagpabawas sa kaba ko. Tumingin sila sa akin at sinuklian ko naman sila ng matipid na ngiti. Siguro, alam na ng ibang pasahero ang dahilan kung bakit kami dumayo. Walang bahid ng pagtataka ang kanilang mga mukha kung bakit may tatlong taga-Maynila ang bibisita sa kanilang lugar.

Mula sa mala-highway na kalsada, kumaliwa ang sinasakyan naming dyip sa isang kalye. Sa mga unang kilometrong nilakbay namin, semento at aspalto ang daanan, hanggang sa pumailanglang na ang alikabok dahil lupa na ang dinadaanang kalsada. Karaniwang tanawin ang hilera ng mga bahay at mangilan-ngilang palayan. Malawak ang lupa, pero walang tanim ang malaking bahagi. Mas marami ang tumutubong damo at talahib sa paligid. Matapos ang halos isang oras na biyahe, tumigil ang dyip sa pampang ng isang ilog na humahati sa mabatong kapatagan. Humahapdi na ang balat ko, lalo na sa bandang batok.

"O, ihi muna," sabi ng isa sa mga lokal na pasahero.

Nakisabay ako sa pagbaba ng iba para umihi. Nakita ko ang isang papalapit na balsa na galing sa kabilang dako ng ilog. Parang si Atlas, karga nito ang isang dyip na puno din ng pasahero papunta naman sa kapitolyo, kung saan kami nanggaling. Nagsindi ako ng sigarilyo. Isang lalaki ang lumapit sa akin para makisindi.

"Manong, anong tawag sa lugar na ito?" tanong ko sa lalaki.

"Dugong," sagot niya.

"E, itong ilog?" tanong ko ulit.

"Abra River ito."

May nagtitinda ng mais at nilagang itlog sa balsa. Sunog ang kanilang balat na halatang resulta ng matagalang pamamalagi nila sa ilalim ng sikat ng araw. Nakangiti silang nag-aalok ng kanilang mga paninda. Bumili ako ng tatlong piraso ng nilagang itlog at isang supot ng mais at binigyan sina Gina at Marlon. Ito na ang nagsilbi naming agahan. Kahit kabado't puyat, nangibabaw ang pagkamangha ko sa lugar. Bumulaga sa akin ang tanawin na sa mga pelikula at travel shows ko lang nakikita. Walang kaulap-ulap sa langit. Saan man direksiyon ako tumingin, tanaw ang naglalakihang hilera ng mga bundok. Alam kong isa sa mga lugar na iyon ang aming pupuntahan, kung saan nakaburol si Mia. Ilang minuto lang, narating ng balsa ang kabilang pampang ng ilog. Nagpatuloy ang dyip sa pagtahak ng kalsadang sumusuyod sa gitna ng kabundukan. Pakitid nang pakitid ang kalsadang dinadaanan ng dyip.

Nakalulula ang mga biglaang-liko ng aming sasakyan, lalo na kapag natatapat kami ng paghinto sa bangin.

Halos mahawakan ko na ang katawan ng bundok na tanaw ko noong una sa malayo. Mag-isang tinatahak ng aming sasakyan ang tahimik at pakurbang baku-bakong kalsada. Kaya pala malaki at matibay na dyip ang aming sinasakyan, kasi hindi uubra ang ordinaryong dyip sa ganitong klase ng biyahe at daanan. Tanging ang tunog ng makina ng dyip ang dinig sa buong paglalakbay. Naiidlip ako kung minsan habang nakasandal sa mga sako ng bigas at nakahawak sa mga case ng sofdrinks at beer para hindi mahulog. Pero agad din akong nagigising kapag umaalog ang dyip dahil sa lubak-lubak na daan. Matapos ang ilan pang oras, tumigil ang dyip sa isang baryo sa Salappadan.

"Mangan tayun," aya ng isa sa mga pasahero.

Alam ko ang ibig sabihin nun, kain na tayo.

Sa pagbaba mula sa bubong ng dyip, pinagpag ko ang alikabok na kumapit sa aking damit.

"O, ayos ka lang?" tanong sa akin ni Marlon.

"Oo, medyo nangawit lang itong baywang ko," sabi ko sabay unat at ikot ng baywang.

Lumapit kami ni Marlon sa mesa kung nasaan si Gina. Ipinakilala sa akin ni Gina ang ilang mga taga-Tui na kakilala ang aking kapatid. Huli niyang ipinakilala si Manong Baggas. Mahigpit ang pagkapit ng magaspang niyang kamay sa aking kamay.

Bigla, mula sa isang maliit na daang tumatagos sa magubat na bahagi ng lugar, tatlong sundalo ang sumulpot at parang iniistima ang mga pasaherong nagsibabaan ng dyip. Isa sa mga sundalo ang lumapit sa aming mesa.

"Naimbag nga aldaw. Anya ti papanam?" tanong niya sa amin.

"Sa Tui, sir," mabilis na sagot ni Gina.

"Tagalog kayo? Ang layo ng pupuntahan nyo. Sa dulo yun ng biyahe."

Humarap sa akin ang sundalo.

"Anya ti aramiden yu idyay?"

"Kabagyak isuda. Nagbabakasyon lang, " si Manong Baggas na ang nagsalita.

"Mukhang napaaga ang bakasyon natin a. Buti pa kayo," panunutil ng sundalo.

Ngumiti lang kaming lahat. Nagkunwari akong mahinahon at walang nararamdamang tensiyon na nagpakaba sa akin.

"Aganad kayo. Ado ti uleg idyay," sabi ng sundalo sabay talikod.

"Anong sabi niya?" tanong ko kay Gina.

"Mag-ingat daw tayo."

"Bakit daw?" tanong ko ulit.

"Marami daw ahas sa Tui," sagot ni Manong Baggas.

Sa ilang ulit pang pagtawid sa maliliit at mababababaw na batisan, pagkurba sa mga gilid ng bundok, pag-iwas na mahulog sa bangin, ang paulit-ulit na pagyuko at pag-ilag sa mga sanga ng puno, sinabayan ang lahat ng ito ng aking antisipasyon kung ano ang aabutan kong sitwasyon sa burol ni Mia. Lampas alas-dose ng tanghali nang makarating kami sa Tui. Halos tuktok ng bundok ang lugar. Sa ilang patag na lupa, kita ang malawak na taniman ng palay. Tahimik at walang taong gumagala sa paligid. Malinis at sariwa ang hangin.

Tumigil ang dyip sa harap ng isang kapilya. Malamig sa labas, pero mas lumamig nang pumasok kami sa loob. May mangilan-ngilang tao na nakaupo sa hilera ng bangko. Napalingon sila sa aming pagdating. Sa isang gilid, nakita ko ang isang puting kabaong na mumurahin at halatang minadali ang pagkakagawa. Gusto ko man magmadali, dahan-dahan ang naging paglapit ko sa kabaong.

"Bakit nakasara?" tanong ko kay Gina.

"Sa mukha kasi siya ..."

"Gusto ko pa rin siyang makita," pagputol ko sa sasabihin pa sana ni Gina.

Inihanda ko ang sarili ko. Inangat nina Manong Baggas at Marlon ang takip ng kabaong at isinandal ito sa dingding ng kapilya. Tiningnan ko nang mabuti ang mukha ng bangkay. Hindi si Mia ang nasa kabaong. Malayong-malayo ito sa mukha ng kapatid ko.

Sinubukang ayusin ng punerarya ang wasak na mukha ni Mia pero wala rin itong naging epekto. Sabog ang gilid ng kanyang ulo at lubog ang mga mata. Bumaliko ang kanyang ilong at umabot sa tainga ang gilid ng kanyang labi. May mga uka sa kanyang ulo. Pinutakti ng mga nagsasangang tahi ang kanyang baba at noo. Pinasakan ng bulak ang magkabilaan niyang pisngi para umumbok ito at magkalaman. Masahol pa sa piniping lata ang mukha ng aking kapatid.

"Kuhanan mo ng video," sabi ko kay Marlon.

Inilabas ni Marlon ang kanyang kamera. Kinuhanan niya ang eksenang akala ko sa pelikula lang napapanood. Kapag nangyari pala ito sa tunay na buhay, parang hindi na ito totoo.

"Ang sabi ng iba, sa hita lang daw tinamaan ang kapatid mo. Puwede pa talaga siyang mabuhay pero tinuluyan pa rin siya," sabi sa akin ni Gina.

Umupo ako sa isang gilid. Sapo-sapo ko ang aking mukha. Maluha-luha ako pero hindi ako tuluyang makaiyak.

"Gusto ng mga taga-rito na dito siya ilibing. Pero nasa iyo pa rin kung ano ang gusto mong mangyari. Ikaw ang kapatid," pagpapatuloy ni Gina.

Isang batang babae ang patakbong lumapit kay Manong Baggas at yumakap sa mga binti nito.

"Ania tinangan mo, adeng?" tanong ko sa bata sa baluktot na Ilokano.

Nahiya ang bata kaya inulit ni Manong Baggas ang tanong ko.

"Ania ti nagan kanu?" sabi ni Manong Baggas.

"Memory," sagot agad ng bata.

"Napatay din sa engkuwentro si Renzo, ang anak ko, pero sinunog nila ang katawan," sabi ni Manong Baggas. "Asawa niya ang kapatid mo. Ito ang anak nila, si Memory," mahinahon na pagsabi sa akin ni Manong Baggas.

Lumuhod ako sa tapat ni Memory. Hinugot ko ang kubing na nakasiksik sa diksiyonaryo. Ipinakita ko ito sa bata.

"Alam mo kung ano ito?" tanong ko sa kanya.

"Uwin!" maliksi at bibong sagot naman niya.

Kinuha ni Memory ang kubing. Pinatugtog niya ito at sinakop ng musmos niyang musika ang tahimik at malamig na paligid.